BANSA

Sa ipinalabas na pahayag ng tanggapan ni Executive Secretary Salvador Medialdea, sinabi nito na hindi alam ni Tauli-Corpuz ang totoong nangyayari sa bansa. **Facebook Photo/Victoria Tauli-Corpuz**

# 'Demokrasya sa bansa nananatiling matatag'

112 SHARES
52 0 0

Malou Escudero (Pilipino Star Ngayon) - April 1, 2018 - 12:00am

MANILA, Philippines — Binanatan kahapon ng Malacañang ang Pinay na si United Nations (UN) Special Rapporteur on the Rights of the Indigenous Peoples Victoria Tauli-Corpuz kaugnay sa pahayag nito na isang diktadurya ang gobyerno ng Pilipinas.

Sa ipinalabas na pahayag ng tanggapan ni Executive Secretary Salvador Medialdea, sinabi nito na hindi alam ni Tauli-Corpuz ang totoong nangyayari sa bansa.

"The remarks of UN Special Rapporteur on the Rights of the Indigenous Peoples Victoria Tauli-Corpuz show how detached she is with the realities happening in the Philippines," anang pahayag ni Medialdea.

Iginiit ng OES na nananatiling matatag ang demokrasya sa bansa at patuloy ang trabaho ng tatlong sangay ng pamahalaan.

"Democracy in the

is vibrant
All the branches of the government are functioning and the rule of law thrives," ani Medialdea.

Sa kanyang speech sa Human Rights Festival sa Milan, Italy inihayag ni Tauli-Corpuz na nagiging diktador na umano ang kasalukuyang administrasyon dahil sa pango-ngontrol umano nito sa lehislatura at hudikatura.

Tinukoy din ni Tauli-Corpuz ang impeachment case laban kay Chief Justice Maria Lourdes-Sereno at ang pagpapakulong kay Sen. Leila de Lima.

Binanggit rin ng Pinay UN Rapporteur ang nangyayari umanong pagpatay sa bansa dahil sa pagkontra umano ng mga katutubo laban sa diktaturya na nanaig sa gobyerno.

Pero depensa ni Medialdea, nirerespeto ng ehekutibo ang hiwalay na kapangyarihan ng tatlong departamento, gayundin na hindi umano nakikialam ang Palasyo sa mga isyung kinakaharap ng mga ito.

"The Executive branch respects the separation of powers and the independence of the other co-equal branches and doesn't meddle with their affairs," sagot pa ni Medialdea.

Kabilang si Tauli-Corpuz sa mahigit 600 indibidwal na ipinadedeklara ng Department of Justice (DOJ) na kasapi ng mga terorista na may kaugnayan umano sa CPP-NPA-NDF.